タガログ語版

Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge

# Minami no Kaze

Vol. 57
Mar. 2025

## Ang Bagong Semestre ay Nagsisimula ng April !

### Pag-aralan Natin ang Japanese Educational System.



**Sistema ng Edukasyon sa Japan**

- 6years old
- Elementary (6years)
- 12years old
- Junior High (3 years)
- 15years old
- Compulsory (Elementary, Junior High)
- High School (3 years)
- University (4 years) etc.
- Optional (Need to take an exam) (High School, University etc.)

・Sa Japan,ang bagong semester ay nagsisimula ng Abril. Ang school year ay nagsisimula ng Abril at nagtatapos ng susunod na Marso. Ang bagong antas o grado ay nagsisimula din Abril.

・Ang Elementary School (edad 6-12) at Junior High School (edad 12-15) ay compulsory sa Japan.

・Habang nasa compulsory school education period (Elementary at Junior high),ang tuition fee at bayad sa mga libro ay hindi kailangan. Subalit maaaring magkaroon ng karagdagang bayad para sa mga kakailanganing karagdagang kagamitan. (Para sa pribadong paaralan, ang tuition fee at textbook fee ay maaaring kailanganin. Makipag-ugnayan ng direkta sa paaralan.)

・Sa public elementary at junior high school ang pag-commute ay depende sa address kung saan nakatira.

・Ang pag-aaral sa High School at sa mataas na antas pa nito ay hindi na compulsory. Sa pagpatuloy ng edukasyon mas mataas sa junior high school,ay kailangan kumuha ng entrance exam.

**Kung ikaw ay nag-aalala sa Japanese School…**



Sa Yokohama public elementary at junior high school, ay mayroong native-language volunteer support system at Japanese language support center "Himawari"
Na tumutulong sa mga bata para makapag-adjust sa buhay – eskuwela sa Japan.
"Himawari" ay nag-oorganisa ng guidance para ipaliwanag ang buhay-eskuwela sa magulang at tagapag-alaga .
Kung kayo ay interesado, mangyaring magtanong sa eskuwelahan ng inyong anak.

## Paano Ibinabase ang Antas sa Paaralan ditoJapan

Ang Japanese school grade o antas ay ibinabase sa taon at petsa ng kapanganakan ng bata. Ang basehan na petsa ay April 2. Samakatuwid, ang mga bata na ipinanganak ng April 2 ngayong taon hanggang April 1 ng sunod na taon ay pareho ng antas o grade.
Maaaring ang antas o grade year ng bata ay iba sa bansang pinanggalingan.

Anong grade ako Sa April (bagong semester)?

sa April 2

Ako ay 6 na taong gulang bukas (April 3)! Ngunit 5 taon palang ako ngayon…

Ako ay junior high school student sa aking bansa, ngunit ng pumunta ako dito sa Japan noong Desyembre bumalik ako sa grade 6 dahil sa aking edad . Sa wakas ngayong Abril magsisimula akong junior high school student muli.



5years old → Kindergarten Nursery



6years old → Elementary 1st grade



7years old → Elementary 2nd grade



12years old → Junior high 1st grade

## Narinig nyo na ba ang "Welcome to the Yokohama School" ?

**"Welcome to the Yokohama School" ay school guide para matulungan ang mga estudyante na kailangan mag–aral ng Japanese.**
**Ito ay isinulat sa 8 lenguahi.**

Ang 8 lenguahi ay Japanese, English, Chinese, Tagalog, Korean, Vietnamese, Portuguese at Spanish.
Paki-check sa website!



・**Mga School Notifications at School-Related Terms: Para sa Schools, Parents at Guardians**
→ Ang mga salita na may kinalaman sa Japanese School ay ipinaliliwanag sa 8 lenguahi na may kasamang larawan.Halimbawa, mga katanungan tulad ng "Ano ang landoseru (Japanese school backpack)?", "Ano ang klase ng sombrero puti at pula reversible cap?"ay ipinapaliwanag. Mayroong mga school handouts na nakasalin na sa 8 lenguahi.

・ **Para sa Parents at Guardians: Paliwanag tungkol sa paaralan sa Yokohama** ay nakasulat sa 8 lenguahi. Marami kang matututunan tungkol sa Japanese school system, lunch time, long vacation, international classes at marami pang iba.

**"Welcome to the Yokohama School"**
https://www.city.yokohama.lg.jp/kosodate-kyoiku/kyoiku/soudan/nihongoshido-tebiki.html

Simula
March 23
Linggo



# "Foreign Language Book Corner" will start !

Sa Minami Lounge ay uumpisahan ang"Foreign Language Book Corner"！

- Para maenjoy ang pagbabasa ng libro kahit anong lahi -

**Anong klase ng mga libro ang meron ?**

1. Picture books: (Lenguahi) Japanese, English, Chinese, Thai, Korean, Vietnamese at marami pang ibang linguahi
2. Book Types：

Multi-language picture books →para sa mga batang bago mag-elementary
Story･Picture books → para sa mga batang hanggang kalagitnaan elementary (wika) English .Chinese
Novel ･Essay → For junior and high school students (wika) English･Chinese
Novel･ Mapaunlad ang sarili→ Para sa adults (wika) English. Chinese

**Ang pagbasa ay may 2 paraan…**

1. Pedeng magbasa sa Meeting corner".
2.Pedeng hiramin ang libro. (Para sa ibang impormasyon , magtanong ng detalye sa counter ng Minami Lounge.)

## Minami Cherry Blossom Festival

"Minami Cherry Blossom Festival ay isasagawa sa Maita Park sa March 22 (Sabado) at March 23 (Linggo). Magkakaroon ng mga pagtatanghal sa entablado, food stalls at bazaar na mag eenjoy ang lahat. Ang Minami Lounge ay kasali sa event na ito. Ang aming booth ay craft making ng mga nakarehistrong grupo at tea tasting ng foreign tea na ipinakikilala ng aming multicultural volunteer.Ang mga mag-aaral ng Japanese class ay sasali din. Ito ay libri walang babayaran. Halina at puntahaan kami sa aming booth!

(Maaaring magbago ang eskedyul dahil sa panahon at ibang kadahilanan.) (Ang mga larawan ay kuha noong nakaraang taon.)

| Petsa at Oras | | Grupo | Nilalaman |
|---|---|---|---|
| March22 (Sabado) | 14:00～16:00 | Yuuka no Kai | GumaBookmark |
| | 17:00～19:00 | Kanagawa CST Science Club | Make a whistle and blow it together! |
| March23 (Linggo) | 10:00～12:00 | Multicultural Volunteer | Try African Coffee |
| | 13:00～15:00 | Japanese Class of Minami Ward | Interview by Japanese Learners！ |





## Multicultural Volunteer ⑩

Ang pangalan ko ay Hiroshi Kawasaki. Gusto ko ang larong tennis, magluto at mag-aral ng Chinese. Dati akong nagtratrabaho sa isang trading company at nagtratrabaho sa mga banyagang bansa na may .kinalaman sa English at Spanish sa loob ng mahigit 20 taon. Pagkatapos ng aking retirement, nais kong suportahan ang mga banyaga sa pamamagitan ng mga lenguahi na aking natutunan, kaya nagdesisyon akong magregister sa Minami Lounge bilang multicultural volunteer . Ako ngayon ay volunteer bilang interpreter ng English at Spanish. Sumusuporta din ako sa mga batang mag-aaral sa eskuwelahan. Bilang volunteer, nararamdaman ko talaga ang importansya ng cultural exchange,ganon din natutuwa akong makita ang sinosuportahan kong mga bata na nasasanay na sa Japanese na pamumuhay. Mabilis silang matutu at masanay. Sa pagvolunteer, marami akong natututunan at ito ay isang kahanga] -hangang karanasan para sa akin. Nais kong ipagpatuloy ang volunteer activity na ito.




**Hiroshi Kawasaki**

### Minami Citizens Activity & Multicultural Lounge (Minami Lounge)

Urafune Fukugo Fukushi Shisetsu 10F, 3-46 Urafune-cho
Minami-ku, Yokohama 232-0024

① **Consultation Desk (Walang bayad)** : Mon.-Sun. 9:00-17:00
(Closed on ：Every 3rd Mondays･ Dec.29 to Jan.3)
Tel.： （Japanese） 045-232-9544
（Foreign Language） 045-242-0888
※Paki check sa baba para sa mga lenguahi

② **Libring Kunsultasyon**:
Law (2nd Thurs), Visa (3rd Thurs) and Education (4th Thurs)
※ 13:30-, 14：30- (Appointment kailangan. Tel.045-242-0888）




Minami Lounge URL
https://tabunka.minamilounge.com/

◀ Direction Map

【Mga Lenguahi at Araw】

| Monday | Tuesday | Wednesday | Thursday | Friday | Saturday | Sunday |
|---|---|---|---|---|---|---|
| Chinese | Chinese | Chinese<br>English | Chinese<br>Thai | Chinese<br>Tagalog | Chinese | Chinese |

★ Minami Lounge is operated by YOKE on behalf of Minami Ward Office